

1

“Marcie, may two hours ka pa bago ang klase mo. At ten minutes lang mula dito ang university. Dito ka muna, please. I just want you to meet Quillan.”

Inilapag muna ni Marcie sa ilalim ng bar counter ang backpack niya bago kumuha ng basahan at muling pinunasan ang ibabaw niyon kahit sobrang linis na. “I will just meet him and then I will go, okay? Alam mo namang hell week ko dahil ang daming deadlines,” aniya kay Sarah, ang kanyang kapitbahay sa tinutuluyang apartment building at itinuturing na pinakamalapit na kaibigan simula nang dumating siya rito sa Manchester, England lampas isang taon na ang nakakaraan.

Mas matanda ito sa kanya nang dalawang taon, beinte-siete años na. Isa itong doktor at kasalukuyang tinatapos ang residency nito sa isang hospital doon. Siya naman ay masuwerteng nabigyan ng full scholarship sa prestihiyosong Creative Writing program ng *University of Manchester*. Isang pambihirang pagkakataon iyon na dumating sa panahong pakiramdam niya ay wala nang may nais magbigay ng anumang tsansa sa buhay para sa kanya.

She was also blessed to have met Sarah, na kapwa niya Filipina, na hindi siya itinuring na iba. Para na rin niya itong nakatatandang kapatid.

Nagmula siya sa isang pamilya ng mga politiko sa Bulacan, na ilang dekada nang salitan sa paninilbihan sa bayan nila. Having been accomplished academically, she was expected to follow her parents, and older siblings' footsteps. Ngunit wala ang politika sa plano niya. Nang malaman iyon ng mga magulang ay pinilit naman siyang ipakasal sa anak ng isang mayaman at maimpluwensyang tao na makakatulong sa mga ito upang masiguro ang panalo sa eleksyon noon ng kuya niyang first time na tatakbo bilang congressman. Kailangan nila ng matinding financial backing dahil may dalawa pang miyembro ng pamilya niya ang tatakbo noon.

Ngunit wala siyang balak magpakasal sa isang mayabang, domineering, at corrupt leader-in-the-making na ipinagkasundo sa kanya. Kaya upang tigilan na siya ng mga kapamilya ay sinabi niya sa mga ito na babae ang gusto niya. And she did it during a dinner na parang pamamanhikan na sana ng pamilya ng lalaking ipinapakasal sa kanya.

Her brother lost his election bid that year.

Bagay na hindi katanggap-tanggap sa mga ito,

at naging dahilan upang gustuhin niyang lumayo sapagkat tila siya naging outcast sa sarili niyang pamilya. At narito nga siya, ilang libong milya ang layo sa mga mahal sa buhay na ilang beses man niyang subukan ay tila walang balak na makipag-ayos sa kanya maliban na lang daw kung babaguhin niya ang kanyang pananaw.

“He’s on the way na daw. Huwag ka munang aalis,” pangungulit pa ni Sarah bago ito sumimsim mula sa hawak na wine glass.

Ang tinutukoy ng kaibigan ay ang bagong boyfriend nito na si Quillan, isa ring Filipino na laki sa Pilipinas ngunit sa London nag-aral ng kolehiyo at post-graduate degree, at doon na rin nakabase. Direktor ito ng mga TV series para sa isang popular production company. Nakilala ito ni Sarah nang mag-shoot ng isang upcoming TV movie ang grupo ng lalaki sa hospital na pinapasukan nito.

“Oo na nga, hindi na nga ako aalis muna, di ba?” naiiling na sabi niya at kumuha ng isang baso ng tubig. She took one luxurious sip, and looked toward the entrance of the café and restaurant where she had been working as a cashier for almost a year now. Muntik na siyang masamid nang pagbukas ng double doors niyon ay pumasok ang isang matangkad na

lalaking may nakasukbit na backpack sa isang balikat.

He was smartly dressed, clean shaven and clean cut and walked in such a sure, unassuming manner that reminded her of dignitaries. Seryoso man ang mukha habang nakatingin sa gawi nila ay hindi naman ito nakaka-intimidate.

How could someone who look that good be intimidating?

Pero bakit habang pinagmamasdan ito ni Marcie ay parang kinakabahan siya na di mawari?

The man had fine chiseled features, was obviously of Eurasian lineage, had olive skin, and a body that looked fit, lean and strong. Almond-shaped ang mga mata nitong binagayan ng may kakapalang mga kilay, maganda ang hugis ng ilong na tama lang ang pagkatangos, at mamula-mula ang mga labing ngayon ay bahagyang nakakurba sa ngiting parang male version ng *Mona Lisa* smile.

Noon niya napagtanto na sa kanya mismo nakatingin ang lalaki. Mataman iyon, ngunit may kakaibang kislap, na tila nagugustuhan nito ang nakikita.

“Sarah...” nagawa niyang sabihin sa kaibigan, sabay tango sa direksyon ng lalaking papalapit.

Kaagad namang lumingon ang babae at napangiti.

So this was really Quillan? Wala pa siyang nakitang picture man lang nito, kaya hindi niya alam kung ano ang aasahan maliban sa description ni Sarah na drop-dead good-looking daw ito.

Well, he was that. Exactly.

Huli na para mag-iwas ng tingin si Marcie nang makitang magaang na hinagkan ni Quillan sa labi ang kaibigan niya. Nang matapos sa maikling batian ang mga ito ay ang binata pa mismo ang nag-abot ng kamay nito sa kanya.

“Hi, I’m Quillan.” He smiled as his eyes looked at her intently. “Marcie, right? Number one fan mo yata itong si Sarah at wala na siyang ikinuwento sa akin kundi ikaw.”

And that voice! It was low, deep, soothing...

Inabot niya ang kamay nito. “I could say the same for you.” Sumulyap siya sa kapitbahay na tila tuwang-tuwa na nakatingin sa kanila. “Nice to finally meet you.” She only intended to shake his hand firmly and abruptly. Pero hindi niya alam kung bakit nagugustuhan niya ang pakiramdam na hawak nito ang kamay niya. His hand was big, warm, rough but surprisingly good to the touch. At habang hindi nito

inaalis ang tingin sa kanya ay parang wala rin itong balak na bitawan iyon.

And Sarah didn't even seem to notice.

Hindi niya maintindihan kung bakit ganito na lang ang epekto ng tingin ng lalaking ito sa kanya. Na parang may direktang access ito upang pabilisin ang pagtibok ng puso niya.

Her heart had never been this erratic.

“Uhm...” Parang napapasong hinila niya ang kamay mula kay Quillan, na bahagyang umarko lang ang kilay. *Goodness, ano ang trip ng lalaking ito at ganito ako tingnan?* “I have to go. Magla-library pa ako, eh.” Tumingin siya kay Sarah. “Take the corner table. I reserved it for you two. Franz has a new dessert menu and he’s giving you samples later,” tukoy niya sa French chef nila. “On the house.” Ngumiti siya, iniwasang makatagpo ang mga mata ni Quillan habang isinusukbit ang backpack sa balikat.

“Aw, Marcie...” touched na sabi ni Sarah na hinawakan siya sa braso.

“Happy first month,” sabi niya sa kaibigan, bago sumulyap sa binata, na parang hindi man lang natinag sa pagkakatingin nito sa kanya. “Nice meeting you, Quillan.” Her heart was raging against

her ribcage as she said his name. Kumaway siya sa mga maiiwang kasamahan, at sa magkasintahan, bago halos patakpong tinungo ang side exit.

Bakit parang hindi niya maialis sa sarili ang panghihinayang na pag-aari na ng kaibigan niya si Quillan?

Two years later...

“Oh, my goodness, you’re in London now! I’m so happy for you, Marcie!” masayang bungad ni Sarah sa kanya nang sagutin niya ang tawag nito. Marahil ay nakita ng kaibigan ang picture na nai-post niya sa *Twitter* kanina lang nang dumating sa siyudad at ang unang nahagip ng kanyang paningin ay ang *Tower Bridge*, na madalas maipagkamaling tawagin na *London Bridge*.

“Yes! Thank you! Nag-a-unpack na ako.”

“Pasensya na talaga at hindi kita mapatira muna sa flat ko. Atat na kasing mag-renovate iyong landlord at ako na lang ang hinihintay na lumayas pansamantala,” sabi ng kaibigan bago niya narinig itong napabuntong-hininga.

Anim na buwan matapos nitong ipakilala sa

kanya si Quillan ay natapos ang two-year residency nito sa *Manchester Royal Infirmary* at kaagad nabigyan ng magandang job opportunity sa isang hospital sa London. Sarah moved to England's capital city and they had mostly kept in touch through texts, phone calls and social networking sites.

Every other month ay dumadalaw ito sa kanya o siya ang dumadalaw rito. Sa loob ng nakalipas na dalawang taon ay hindi na niya muling nakita si Quillan, not even whenever she visited Sarah because he was often busy with work. Bukod sa pagiging direktor ay executive producer na rin ito ng ilang hit TV series.

For the past two years, maayos pa rin ang pagsasama nito at ng kaibigan niya.

Sa ngayon ay mahigit isang buwan nang nasa Pilipinas si Sarah. Umuwi ito dahil pumanaw ang pinakamamahal na lola nito. Dahil matagal na ring hindi nakakabalik ng sariling bansa ay napagdesisyonan din nitong magbakasyon muna.

“It’s okay. Maayos naman itong nakuha kong kuwarto kahit naninibago ako sa liit.” Iginala ni Marcie ang tingin sa paligid. The place was practically just a bedroom with a small bathroom. Nasa isang converted building iyon sa Maida Vale neighborhood,

north of London. “Kailan ka ba babalik? Mag-iisip ako ng ipapabili ko sa ’yo, ha?” sabi niya na napangiti. Maraming bagay rin siyang nami-miss sa Pilipinas kahit puno ng hinanakit na nilisan niya iyon tatlong taon na ang nakakaraan.

Muling napabuntong-hininga si Sarah. “I might stay longer, mga five months more pa. Sagad na iyon.”

“What? Ang tagal naman! Paano ang trabaho mo?”

“Nakapagpaalam na ako sa hospital. I just have to be back before winter dahil part ako ng isang research project.”

“Eh, paano si... si Quillan?” Napalunok siya. Hindi niya alam kung bakit maisip lang, at masabi ngayon ang pangalan ng boyfriend ni Sarah ay nagsimula na namang kumabog ang dibdib niya. She hadn’t even seen him in two years!

And yet, parang hindi pa yata niya lubusang nakakalimutan ang kakaibang naramdaman niya noong una at huling makita ito.

“He knows,” sagot ng kausap sa kabilang linya. “He understands. And, Marcie...” sabi nito sa tonong kabisado na niya. Tila alumpihit ang kaibigan. “He’s another reason why I called.”

“W-why?” she stammered. *Goodness!* Ang akala niya ay tapos na ang kaba at excitement dala ng paglipat niyang ito, hindi pa pala.

She was about to start a new life and career in London now. Dati pa ay hilig na niya ang pagsusulat at pangarap niyang maging published author. Ambisyosa pa siya dahil gusto niyang makilala internationally. She was ecstatic when her novel, which was a requirement in her Fiction Writing class and her master’s degree, won a prestigious university award.

Umani iyon ng papuri mula sa kanyang mga propesor at nai-publish pa kaagad ng university press. One of the copies of her 488-page novel entitled *Same Difference* reached an executive of *BNTV*, one of the top media networks in UK. Kakilala nito ang isa sa mga propesor at mentor niya na naging daan upang mahimok siyang payagan ang *BNTV* na gawin itong series. At siya ang magiging head writer.

Hindi na siya nagdalawang-isip pa. She loved the terms given to her by the network and she was just excited to be part of it and having a lot of say in the production.

Sa loob ng nakalipas na tatlong buwan ay binuo ang cast and crew, at two weeks ago lang ay

nakumpirma kung sino ang magiging direktor ng series na hango sa pinakamamahal niyang nobela.

Walang iba kundi si Quillan Illusorio, na kamakailan lang ay tumanggap ng parangal sa *British Academy of Film and Television Arts* o *BAFTA*, ang equivalent doon ng *Emmys* at *Oscars*.

More than the thought of working with a well-respected and awarded director, Marcie felt she was more nervous about the fact that she would soon be working with the man who literally shook her universe in a matter of seconds, two years ago.

Sandali lang naman silang nagkita nito, sandali lang nag-usap. Pero hanggang ngayon ay namumula pa rin siya sa tuwing maaalala kung paano siya tingnan ng binata noon.

“Marcie? Hello?” untag ni Sarah sa kabilang linya.

“I’m still here,” sabi niya, napapailing. “May inayos lang ako dito sa phone, para kasing nag-echo ang boses ko,” palusot niya. “So, what about... Quillan?”

“Well, you two will be working closely together. First time naming hindi regular na magkikita at magkakasama nang ganito katagal. I just thought...

maybe you could look after him or something?” anito.

Nangunot ang noo niya. “Sarah, I think your man is perfectly capable of looking after himself. Ako nga ang nangangailangan ng tulong dahil bagong salta ako dito. Ikaw lang ang kakilala ko, pero wala ka naman ngayon.”

“Pero kilala ka ni Quillan,” giit ng babae. “Marcie, nag-aalala lang ako dahil medyo recluse ang isang iyon. He may be in the entertainment industry, pero hindi ganoon karami ang maituturing niyang kaibigan. He is very low profile. And since magiging magkatrabaho naman kayo, parehong Pinoy at parehong love ako...” Natawa ito. “I thought maybe you could keep each other company or something.”

Ilang sandali siyang natahimik. It made sense actually. It would also look weird if she avoided Quillan just because of what she felt two years ago, which he didn’t even know about. Baka naman kasi observant lang ito at praning lang siya.

She sighed. “All right. Magba-bonding kami ni Pareng Quillan.” Napangiwi siya.

“Yes!” natutuwang sabi ni Sarah sa kabilang linya, pumalampak pa yata ito.

“Huwag ka naman kasing gaanong magtagal

diyan. Huwag mong hayaang ma-miss ka namin nang sobra.”

“I don’t know, Marcie.” Tumamlay ang boses nito. “Hindi ko pa masasabi sa ngayon kung kailan eksakto ako babalik, o kung sasagarin ko ba ’yung five months. I just... have to take care of something here.”

“Is everything okay?” may pag-aalalang tanong niya.

“All is well.” Bahagya itong natawa. “Sasabihin ko sa ’yo kung ano in the coming days. But right now, I don’t want to keep you from what you’re doing. At magsi-six na ng gabi dito, may mga imi-meet pa ako for dinner.”

“Okay. Mag-a-alas doce lang dito. Ang aga ko kasing umalis kanina,” aniya habang sinu-sort out ang mga damit.

“I’ll call again soon. ’Bye for now,” paalam ng kaibigan.

“Ingat,” sabi niya bago pinindot ang end call button.

2

“When I wrote the book, I was not aiming for anything. Not to be funny, not to make people cry, or get them to rethink their existence or anything like that. I simply wanted to tell a story. I never aspired to be anything but honest and real as much as possible.

“That is exactly what I want to achieve in the series. And I am grateful that you guys have picked the actors I would have chosen for each role had I known then that this would reach *BNTV*.”

Iginala ni Marcie ang tingin sa mga taong nasa loob ng boardroom kung saan katatapos lang ng story conference. Huling meeting iyon para sa unang araw niya sa trabaho. Buong araw ay wala siyang ginawa kundi makipag-usap sa mga teams na magkakaroon ng partisipasyon sa produksyon.

She hadn't seen Quillan the whole day. Kaya relaxed siya dahil sa totoo lang, hindi niya alam kung paano ang magiging reaksyon niya rito. Ngunit nang papasok na siya sa boardroom mahigit dalawang oras na ang nakakaraan at nagpang-abot sila sa pinto, akala niya ay mauubusan siya ng hangin.

An Affair In London - Sachi Bliss

He stood so close as he held open the door for her, smiling. "It's been a while, Marcie," sabi nito. Gaya ng dati, tutok ang mga mata nito sa kanya.

Napalunok siya. He was even more breathtakingly handsome than the last time she'd seen him. Posible ba iyon? Na-conscious tuloy siya sa hitsura.

It was already late spring in London, but the temperature still averages at eight to ten degrees. Kaya hayun at balot na balot pa rin siya. Sa pagiging abala nitong nakalipas na mga oras ay hindi na niya nagawang mag-retouch. Hindi naman oily ang pakiramdam ng mukha niya, at hindi rin madaling mawala sa ayos ang maikli niyang buhok.

But still, how this man looked at her made her want to run to the ladies' room and check if she was really worth looking at this way.

Na parang siya na ang pinakamagandang nilalang na nakita nito.

Feeling mo naman, Marcella! She cleared her throat. "Yeah." Bahagya siyang tumango. "Nice to see you."

Magaang na inilapat nito ang kamay sa kanyang

likod at iginiya siya papasok sa boardroom. "Looking forward to working with you." Ipinaghila rin siya nito ng upuan.

Tahimik na naupo siya. "Thank you."

Tumaas ang isang kilay nito. "May kapalit."

Huh? "W-what?" Naalarma siya sa sinabi nito, at hindi niya alam kung bakit.

He smiled. "I have your book. Pirmahan mo, ha."

Ilang sandaling nakatingin lang siya rito. "Seriously?"

He looked amused. "Why not? Sarah was raving about it. I had to get a copy. And I enjoyed it immensely. Maganda ang pagkakasulat mo at buhay na buhay ang characters na na-imagine ko silang nakikipagkulitan sa Portobello Market, nag-wo-workout sa park sa Notting Hill o nagmumuni-muni sa River Thames."

Marcie just kept looking at him in awe. Ang sarap pakinggan ng British accent nito kapag nag-i-Ingles at ang may twang na Tagalog nito. Ang mga binanggit ni Quillan ay ilang lugar na regular na pinupuntahan ng characters sa libro.

"I really liked it. So much that I made one of our EVP's for programming read it. She liked it and was

soon ordering everyone to read the book as well,” patuloy nito. His eyes were sparkling. “And now you’re here.”

Nangunot ang noo niya. “Y-you mean... ikaw ang nag-pitch ng idea sa EVP ninyo na gawing TV series ang libro ko?” nanlalaki ang mga matang sabi niya. Hindi niya alam iyon. Ang akala niya ay ang isa sa mga professors niya ang gumawa niyon.

Tumango ito. Again, he looked amused. “Our EVP knows one of your professors.”

Pakiramdam ni Marcie ay namamanhid ang ulo niya sa nalaman. To think she kind of resented the fact that Quillan would be the director! Ito pa pala ang dahilan kung bakit nabigyan siya ng napakagandang break na ito.

“Thank you, Quillan,” nagawa niyang sabihin. “Wow!”

Umarko lang ang isang kilay nito. “It’s a great honor, Marcie,” tugon nito, muli ay matamang nakatingin sa kanya. He almost looked as if he was in awe of her.

She had a difficult time thinking about what to say next. Mabuti na lang at nagdatingan na rin ang ibang ka-meeting nila. Ang sumunod na dalawang oras ay

ginugol nila sa brainstorming.

“I am also grateful that I will be working with all of you. The past couple of hours have been very enlightening.” Napangiti siya. “I think I will enjoy working with you all in the next few months. And I am so looking forward to it,” pagtatapos niya, na sinalubong ng palakpakan at cheers ng mga kasama.

Quillan simply sat there, smiling up at her, looking proud. Nag-init ang mga pisngi niya. Niyuko niya ang kanyang netbook at isinara iyon bago inilagay sa backpack. Ang ibang kasama nila sa meeting ay nagkani-kanya na rin ng paalam, with promises to be early the next day dahil sisimulan na nila ang pagsusulat ng walong episodes.

“Everybody loves you,” sabi nito habang papalabas na sila ng boardroom.

Sumulyap siya rito. *You included?* she wanted to ask, but she bit her tongue. “They’re all very nice.”

“They’re all your fans,” he grinned. Nasa tapat na sila ng elevator. Nasa tenth floor sila ng *BNTV* building at halos lahat ay palabas na ng opisina.

Hindi na tuloy nila gaanong nagawang makapag-usap habang nasa elevator, o lift kung tawagin ng mga British. Naroon din kasi ang iba nilang ka-meeting at

iyon ang kausap niya.

Nang makarating sila ng ground floor ay kani-kanyang lakad na ang lahat. Maliban kay Quillan na nanatili sa tabi niya habang papalabas siya ng building.

“How’d you get here this morning?” tanong nito habang pababa sila ng front steps.

“I took the *Tube*,” she almost groaned. Ang tinutukoy niya ay ang train system ng London, na kasing-lupit ang rush hour sa *MRT* back in Manila.

“Oh, man...” he said sympathetically. “And that’s from where?”

“Maida Vale,” sagot niya. Tuluyan na silang nakababa ng building, at may ilang metro na lang mula sa kalsada. Hindi maunawaan ng dalaga kung bakit pakiramdam niya ay kapwa nila hindi alam ang susunod na sasabihin o gagawin. Alas seis na ng gabi.

“Thirty minutes lang iyon from here. Hindi naman masyadong out of the way sa bahay ko. I’ll drive you home.”

She blinked. “Oh no, okay lang ako. I have my *Oyster* card,” tukoy niya sa prepaid pass na ginagamit upang mas hassle-free na makapaglakbay sakay ng

British Transport System.

“But I insist. If Sarah were here, pagagalitan ako kapag nalaman niyang hindi kita inihatid pauwi,” sabi nito, nakangiti.

Tila nahimasmasan naman siya nang marinig ang pangalan ng kaibigan. Right! Sarah. Bakit ba kung anu-ano ang iniisip niya kanina pa gayong boyfriend nga pala ito ng kaibigan niya? And she was supposedly gay!

Darn it. “Okay then. Thanks, Quillan.”

“No problem.” Ikiniling nito ang ulo. “Another thing.”

“Yes?” Hindi niya alam kung bakit bumibilis ang tibok ng puso niya.

“It’s past six. Let’s have an early dinner first.”

“What?”

Nailing na tinapik siya nito sa balikat. “Gutom ka na. I said let’s have dinner first before I take you home. May favorite akong kainan dito. It’s a couple of blocks from here. Okay ka pang maglakad, or should I get my car now?”

Nakatingin lang siya sa binata. “Okay pa ako.”

“All right! Let’s go, then,” natutuwang anito, sabay tapik muli sa balikat niya. Nag-umpisa na silang maglakad.

At nagsimula muli siyang kabahan.

It was the first time she was going out to dinner with a man. Alone.

“This is the best lamb pie I’ve ever had since I stepped on English soil three years ago. Hands down.”

Nangingiting minasdan ni Quillan si Marcie na puno pa ang bibig nang sabihin iyon. They both just finished an entire lamb pie and a medium size bowl of potato salad. Ang akala niya ay magba-back out ang babae sa pinagdalhan niyang restaurant dito dahil halos panay meat dishes ang isinisilbi roon. With her slender figure, he thought she might be on a strict diet or something.

Pero nagniningning ang mga mata nito kanina habang nakatingin sila sa menu board nang nakapila sila upang um-order ng kakainin.

“Next time, we’ll try their jumbo cordon bleu,” aniya bago sumimsim sa fruit smoothie na ipinagpilitan ng babae na i-order din daw niya gaya

nito.

“Pambawi sa makasalanan nating dinner,” she said earlier with a grin.

“Oh God...” sabi nito bago sumimsim din sa smoothie. “Nakita ko ’yun ang order ng nasa kabilang table. Ang laki! Bacon ba talaga ’yung nakabalot d’un instead of breadding?”

Tumango siya. Nakakaaliw ang panlalaki ng mga mata nito na parang di makapaniwala. He loved looking at those eyes. They were this strange yet beautiful amber color when exposed to bright lights.

At dito, parang sa operating room ang ilaw sa sobrang liwanag. Pero wala namang pakialam ang mga tao. Parang lahat ay enjoy sa kinakain.

At enjoy siyang kasama itong magandang babaeng kaharap niya.

Pinanood ng binata si Marcie nang ang fruit salad naman ang pagtuunan nito ng pansin. Hindi niya inakalang walang magiging pagbabago ang epekto sa kanya ng babae. Gaya noong una niya itong makita at makilala dalawang taon na ang nakaraan, pakiramdam pa rin niya ay mortal na kasalanan kung aalisin niya kahit isang segundo lang ang tingin dito.

He had always been faithful to Sarah, at wala siyang anumang reklamo sa nobya ng halos dalawang taon. Ang kasalukuyang arrangement nila, na magkahiwalay ng bahay habang halos lahat ng couples sa London ay nagsasama na sa isang flat, ay ang sa tingin niyang mas nagpatibay ng kanilang relasyon.

They'd both kept their personal spaces. Hindi sila nagkakasawaan. More than just a couple who share intimate moments when their bodies call for it, they were also the best of friends who kept almost no secret from each other.

Maliban na lang siguro sa pagkabagabag niya, two years ago, sa naging reaksiyon kay Marcie.

Bago pa man niya ito makilala, nakita na rin niya ang ilang litrato nito kasama si Sarah. And those pictures never did her justice.

Marcie was obviously tough and boyish with the way she dressed and moved, but she was also strikingly pretty. Maganda at tila palaging namumungay ang bilugan nitong mga mata, matangos ang hugis ng ilong, at parang kay sarap hagkan ng mga labi nitong tila natural ang pamumula.

Hell, yes, that was exactly what he thought when

he first laid eyes on those pouty lips. And one reason why he couldn't take his eyes off Marcie. Dahil habang nakatingin dito ay pilit din niyang pinaglalaman ang naramdamang iyon.

Hindi iyon napansin ni Sarah, at nagi-guilty siya roon. Kasama niya ang kanyang maganda at halos perpektong girlfriend pero kung tingnan niya ang ibang babae, at ang kaibigan pa nito, ay parang gusto na niyang iuwi sa bahay niya.

Marcie was too damn hot it was easy for anyone to forget that she preferred women. Sarah never actually told him about her friend's preference, ngunit sapat na ang tila pag-iwas nito na manahimik sa tuwing mapag-uusapan ang personal na buhay ni Marcie upang ma-conclude niyang maaaring may kinalaman ang preference ng kaibigan nito roon.

He didn't mind, really, but... may girlfriend kaya ito ngayon?

"This is the best meal I've had in days, Quillan. Thank you," nakangiting sabi nito matapos maubos na rin ang isang baso ng tubig. Halos lahat ng pinggan sa harap nito ay wala nang laman, pati na ang tall glass ng smoothie.

"Nice, ang sarap mong kasamang kumain. Hindi

ka mapili.”

Natawa ito. “You mean matakaw? Hindi rin naman maarte sa pagkain si Sarah, ah.”

Napailing siya nang mabanggit ang pangalan ng nobya. “Hindi nga, pero hindi naman kami madalas nagkakasabay kumain. Madalas once a week lang.” Nalungkot siyang bigla. Sarah had been awfully busy lately because she was also teaching in medical school.

“Aww...” Tinapik nito ang kamay niyang nakapatong sa mesa. “Pagbalik ng isang iyon, singilin mo ng dinner date sa bawat linggo na wala siya para samahan kang kumain.”

He smiled. Paano kaya si Marcie bilang girlfriend sa naging mga... girlfriend nito? “Are you seeing anyone lately?” hindi napigilang tanong niya.

Ilang sandaling natigilan ang babae bago napailing. “Oh... uhm... no one actually. I can’t even remember the last time I went on a date.” She shrugged. “Busy, eh.”

Minasdan niya ito. She really was beautiful. “Too bad all those dudes who’ve been checking you out here don’t stand a chance.”

Nangunot ang noo nito.

Natawa siya. Mukhang clueless pa ang kausap kung gaano ito kaganda, at kung ilang lalaki na ang panay ang tingin sa gawi nila. To think she was dressed rather androgynously. “Ang s’abi ko, heartthrob ka.” Ngumiti siya.

Tumaas ang kilay nito bago iginalala ang tingin sa paligid. “Ang haba ba ng hair ko?” pakikisakay na lang nito, sabay haplos sa buhok.

Noon niya napansin ang ibabang bahagi ng kanang pisngi nito, malapit sa labi. A tiny piece of crumb from the pie crust was stuck to it. “Marcie, you have something here,” aniya, sabay tapik sa sariling pisngi.

“Ha?” Kinuha nito ang isang table napkin at pinunasan ang gilid ng bibig, ngunit hindi niyon nahuli ang dumi.

He sighed. He leaned, raised a hand to reach across. Nagtataakang nakatingin sa kanya ang kasama, ngunit hindi naman ito umiwas. His thumb gently rubbed the crumb off her cheek. It was like silk. Her skin felt so good to the touch it made him linger.

Nagtama ang kanilang mga mata. Marcie looked at him as if she was in awe.

Or was it just alarm he saw in those soulful eyes?

Hinawakan nito ang kamay niya at marahang inilayo iyon sa mukha nito. “Okay na,” mahinang sabi nito bago napayuko.

Napabuga siya ng hangin. What was he doing? Napatingin siya sa relo. “It’s late. Tara na.”

“Yeah, magda-drive ka pa,” sang-ayon nito, sabay tayo.

Tahimik sila habang pabalik sa *BNTV* building kung saan naka-park ang kanyang sasakyan. Hindi rin sila masyadong nag-uusap habang nabibiyaha patungo sa tinutuluyan nito.

Nagsasalita lang si Marcie sa tuwing magbibigay ito ng direksyon. Habang palapit ay noon napansin ng binata na panay transient accommodations ang mga iyon. Mga may-ari ng malalaking bahay o building na nagpapaupa ng mga kuwarto na may minimum na four days to a month at most sa mga turista. And they could be expensive lalo na kung malapit sa *Tube* station.

“These are mostly transient homes. O naka-secure ka ng mas mahabang lease contract?” tanong niya sa katabi.

“Actually, lingguhan ang bayad ko. Hanggang one month lang daw ako puwedeng mag-rent kasi may darating na ookupa next month.” Napailing ito. “Kaya plano kong sa susunod na mga araw ay bibigyan ko ng oras na magtingin ng lilipatan. I already looked online and found a few I want to check out.”

“Marcie, ang pinakamurang rent sa mga malapit sa city center ay mga nine hundred pounds at hindi pa kasama ang utilities at association dues. Iyon ay kung masuwerte kang makahanap ng matinong flat na wala ka nang gagastusin sa repairs,” sabi niya habang paliko sila sa isang kalye.

Napabuntong-hininga ang katabi niya. She looked out the window. “Maybe I will spend the entire weekend looking.”

Ilang sandali silang natahimik. Nang marating nila ang lumang Victorian building kung saan nangungupahan ng kuwarto si Marcie ay natagpuan na lang ni Quillan ang sarili na magaan na hawak ito sa braso bilang pagpigil sa pagbaba nito ng sasakyan.

“You know what, I live in Battersea,” aniya. “I own a flat there. Just twenty minutes from the office. May spare room ako, dalawa pa. Both are furnished.” He paused. “The living room is skylit. It’s beside a small park, and had nice shops nearby.”

“Quillan...” anito, hindi makapaniwalang nakatingin sa kanya.

“Hindi ito libre, mukha namang hindi ka papayag sa ganoon. Sarah said you’re a good cook, though, at OC ka daw sa paglilinis ng bahay,” patuloy niya.

“Seryoso ka?” napapangiti nang saad nito.

“Kung ayaw mo namang maglinis, okay lang. We can always pay those kids from the nearby high school to do the cleaning. Palaging naghahanap ng raket ang mga iyon.”

“Quillan, I don’t think...”

“What? Wala akong nakikitang problema. It would be very convenient for you. Hindi ka pa magagastusan. You can share in the utilities if you want, at ’yung ibang matitipid mo, ipunin mo na lang para makabili ka din ng sarili mong flat.” Ngumiti ito.

Napailing lang si Marcie bagaman nangingiti.

“Think about it first, okay? Kausapin mo si Sarah, I will call her also,” boluntaryo niya bago napaisip. “Although, I am sure wala namang magiging problema sa kanya.”

“All right. Pag-iisipan ko.” Itinulak na nito pabukas ang pinto. “Salamat uli, Quillan. Ingat ka

sa pagda-drive.”

He grinned. “Oo ba. S’abi mo. Good night, Marcie.”

“Good night,” paalam nito bago isinara ang pinto ng sasakyan niya pagbaba. Muling kumaway si Marcie bago tumalikod na at umakyat sa front steps ng building.

Hinintay muna niyang makapasok ang babae bago pinasibad ang sasakyan. On the way, he thought back about everything he’d told her. Kanina lang niya iyon naisip, nang makita kung saan ito nakatira. A week ago, he wouldn’t have considered it.

But now he felt like crossing his fingers, and praying Marcie would say yes.

3

“Why are you even asking me, Marcella? Of course it’s okay!” nanlalaki pa ang mga matang sagot ni Sarah nang sabihin ni Marcie ang tungkol sa alok ni Quillan na upahan na lang niya ang isang kuwarto sa flat nito.

It was the night after Quillan made the offer. Hindi niya ito nakita buong araw sa *BNTV* dahil abala sa ocular inspection ng mga lugar na gagamitin para sa filming ng *Same Difference*.

Pasado alas ocho ng gabi at kausap niya sa *Skype* ang babae. Matapos ang ilang minuto ng kumustahan ay naikuwento na niya ang tungkol sa alok ng nobyo nito.

“Naisip ko rin nga iyan dati, nawala lang sa utak ko na sabihin kay Ian dahil nangarag na ako sa paghahanda pauwi. I’m glad he made the offer, though. His place is huge! Aalog-alog siya d’un!” saad pa nito.

“Ian?” Sa kabila ng kaba kanina na baka hindi pumayag ang kaibigan ay naaliw naman siya sa itinawag nito sa nobyo.

Natawa si Sarah. “That’s his nickanme.”

“Parang hindi bagay.” Natawa na rin siya.

“I know! I thought it was funny, at hindi nga bagay kasi parang pambata ’yung Ian. He actually hates it,” naiiling na turan nito. Sarah had always been bubbly, pero ngayon ay parang may nababasa siyang lungkot sa mga mata nito.

Hindi niya alam kung bakit pakiramdam niya ay may kinalaman siya roon, somehow. “Nami-miss mo na siya?”

Napakurap ito. “Sino? Si Ian? Oh... yeah. Yes, I miss him,” tila nalitong sagot nito.

Nangunot ang noo niya. Ngayon naman ay parang napilitan lamang itong sabihin iyon. But then, knowing Sarah, baka ayaw lang nitong aminin iyon sa kanya.

“Okay lang aminin na nami-miss mo siya, Sarah.”

Her friend smiled sadly. “You know, one of these days, may sasabihin ako sa ’yo.”

“Bakit hindi pa ngayon?”

“Patience, my dear. May kailangan lang akong ayusin pa, and then we will set up another chat here.”

“Ano ba iyan, ibinibitin pa!” reklamo niya.

Natawa ito. “Huwag mo ngang iligaw ang usapan. Ano ba ang issue mo at kailangan mo pa talagang i-check sa akin kung okay lang na makitira ka kay Ian?”

She rolled her eyes. “Duh, boyfriend mo siya.”

Umarko ang isang kilay nito. “At best friend kita.”

“He’s... he’s still a man, Sarah.”

“And you may be this beautiful woman, pero pareho lang naman kayo ng gusto, di ba?”

Napatingin siya sa kaibigan. So, wala itong ipinag-aalala dahil sa di-umano ay preference niya? “I... I have never lived with a stranger.”

“He’s Quillan Illusorio, Marcie. Boyfriend at best friend ko din lang naman siya for almost two years. At dahil inalok ka niyang makitira sa kanya, then hindi stranger ang tingin niya sa ’yo. He respects privacy at hindi rin siya homophobic. Tamad nga lang siyang magluto, hindi maka-function sa umaga kapag hindi pa nakakainom ng kape.” Ilang sandaling nag-isip pa ito. “Nagiging cranky din siya kapag gutom so make sure may laging nakahandang makakain. I told him you’re a good cook. Siya nga ang umubos n’ung

ibinigay mong beef adobo sa akin dati.”

Minasdan niya ang kaibigan. Mukhang wala talagang kaso rito ang pagtira niya sa poder ng boyfriend nito.

“He actually already talked to me about this, Marcie. Naasar pa nga ako na hindi ako ang unang nakaisip. Pakiramdam ko tuloy, ang bad kong kaibigan,” apologetic na pahayag nito.

I might be the bad friend, Sarah. If only you knew why I have reservations about this offer. “Hindi, ah. I know you have a lot of things going on there. Gusto ko lang makasiguro na okay sa ’yo kung sakaling—”

“Anong kung sakali? You are going to pack your stuff and move there as soon as possible, Marcie. Huwag mo na akong hiritan niyang mga kapraningan mo,” nanlalaki muli ang mga matang sita nito.

Natawa siya. “All right, sige na po. Sasabihin ko sa kanya na magkakaroon na siya ng weird housemate soon.”

Nangunot ang noo ni Sarah. “You mean you don’t have his mobile?” gilalas na sabi nito, referring to British speak for cellphone or cellphone number. “Get your phone and save this number, Marcella. Ano ka ba?” naiiling na patuloy nito bago sinimulang i-recite

ang number ng nobyo.

Ilang sandali pa ay kung saan na napunta ang usapan nila. Bago magpaalam ay muli siyang pinaalalahanan ng kaibigan na wala siyang dapat ikabahala tungkol sa paglipat sa bahay ng nobyo nito.

Halos hindi tuloy siya pinatulog ng naging desisyon. Medyo masakit ang ulo niya nang pumasok sa *BNTV* kinabukasan. Dahil doon, hindi niya gaanong naiisip ang tungkol sa pagkausap kay Quillan ukol sa naging desisyon.

Matapos ang ilang oras na pakikipag-brainstroming sa kanyang team tungkol sa tinatapos nilang episode scripts ay lakas-loob na nagtungo siya sa editing room kung saan siya itinuro ng mga kasamahan nang hanapin niya si Quillan. Lunchtime na kaya halos magkabanggaan sila nito sa pinto ng editing room pagpasok niya.

“Whoa, Marcie! What’s up?” bungad nito habang hawak siya sa kanang braso upang alalayan. Marahang hinimas-himas nito iyon.

Her heartbeat picked up speed right then. “I... there’s just something I want to talk to you about,” simula niya na medyo napapangiwi. Parang nabugbog ang braso niya. Sa pag-iwas niya sa binata ay tumama

iyon sa hamba ng pinto.

“Are you all right?” nag-aalalang tanong nito habang iginigiya siya sa hallway.

“I’m fine.” Na-conscious naman siya dahil may mga taong curious na napapatingin na sa kanila. “I just want to tell you that I have made a decision.”

Umarko ang isang kilay nito. “You have? Hey..” bati nito sa isang lalaki na pabirong sinuntok ito sa braso.

“Yes. About your... offer the other night,” she said distractedly. Naiilang siya sa mga tao sa likuran ni Quillan na kunwa ay dedma pero halatang nakikinig sa kanila.

“Yes?” he prompted.

“I’m accepting it,” mahinang sabi niya bago inilapit ang mukha rito. Lalong nagwala ang puso niya. He smelled so good! “I mean, yes.”

“What was that?” untag ng kung sino sa likuran nila.

“Bugger off,” lingon dito ni Quillan, na sinagot lang ng tawanan. He turned to her. Marcie held back a gasp. His face was too near. “Let’s talk about this over lunch?”

“Quil, you sod. We haven’t met the lady yet,” protesta ng isa sa ‘audience’ nila.

Naiiling na inakbayan siya ng lalaki bago marahang iniharap sa mga kaibigan nito. “This is the woman responsible for that smashing new series we’re filming in two weeks. This is Marcie Del Pilar. She wrote *Same Difference*.” He turned to her. “That’s Rupert, Cedrick, Percy and Sam.”

All the men eagerly shook her hand. At lahat din ay gustong sumama siyang mag-lunch sa mga ito.

“Sorry, mates. But she’s going with me.” He winked at her. Tumalon yata ang puso niya. “She has to.”

“Wait ’til the doctor hears about this,” pabirong pagbabanta ni Percy.

“She’s Sarah’s best friend,” sabi ni Quillan.

“The more that she has to hear you’re—”

“Nothing to worry about. I’m gay,” sa wakas ay nasabi niya, matigil lang sa pangungulit ang apat na lalaki. Napanganga ang mga ito.

“You don’t say..”

“Oh yes,” Quillan said smugly. “She can get more

hot girls in one night than all of you combined can in a week.” Tinapik nito ang balikat niya. “So, if you’ll excuse us,” sabi nito bago siya iginiya patalikod sa mga lalaki.

Sandaling sumaludo siya sa mga ito, na hindi pa rin makapaniwalang inihahatid sila ng tingin, bago nagpatangay kay Quillan.

“Ang kukulit nila,” nakangiting komento niya nang nasa elevator na sila.

“Yeah.” Napailing ito. “So, you’re saying ‘yes’, huh?”

Napalingon sa kanila ang isang babae at isang lalaking kasabay nila. Kapwa curious ang tingin ng mga ito.

“Oh, not again.” Ipinakilala siya nito sa dalawa. “Before you two think anything’s going on, she is Sarah’s best friend and she likes girls, all right? I could fancy her, but she will never fancy me,” dagdag pa nito, na nagpatawa sa mga kausap.

Nang tumalikod ang mga kasakay nila ay siniko siya ng katabi. There was a glint in his eyes and something in his smile that made her just a bit more nervous. “I’m sorry I had to out you like that.”

May choice ba siya? At mabuti na rin siguro ito para mabawasan ang ilangan ngayong magkakasama sila sa isang bahay. “It’s okay. I would have made it known soon, anyway.” Hindi niya inaalis ang tingin sa binata, kahit na pakiramdam niya ay matutunaw siya.

“I just had to make it clear, para hindi tayo machismis or anything,” paliwanag pa nito, pabulong.

“Yeah, naiintindihan ko.”

“Now that they know you’re gay, and would be living with me, there’s no way anyone would think something’s going on, right?”

“Right.” Tumango siya. Bakit parang may nais ding patunayan si Quillan sa sinasabi nito?

“Good.” Tumango rin ito, hindi pa rin inaalis ang tingin sa kanya.

And that was when Marcie realized that the way he looked at her, and the tone of his voice seemed to challenge her. Even taunt her.

Alam kaya nito kung ano talaga siya?

Sabado ng umaga nang linggo ring iyon nang

maglipat siya ng kakaunti lang namang mga gamit sa bahay ni Quillan. His flat was on the fourth floor of a four-storey building that had eleven other living spaces. Malawak iyon, may veranda na nakaharap sa park, may hagdanan patungo sa roof deck at gaya ng sinabi ng binata, skylit ang sala nito.

Ang magiging kuwarto niya ay tatlong beses ang inilaki sa inupahan niya sa Maida Vale. Furnished na iyon at may magandang view ng katabing park.

Kahit ayaw niya ay nagpumilit si Quillan na tulungan siyang mag-unpack. Nawiwindang man sa nararamdaman sa tuwing malapit ito ay wala na siyang nagawa.

“Uy, may mga dress ka pala,” sabi nito, sabay taas ng isang garment bag na naglalaman ng tatlong bestidang pag-aari niya.

“Akin na nga ’yan,” naiiling na aniya, sabay agaw rito ng garment bag. Natawa lang ang lalaki bago muling inusyoso ang laman ng isang maleta niya.

“Kaya naman pala ang bigat ng isang ito,” napapailing nitong komento habang inilalabas ang ilang nakatiklop na manipis na bedsheets at pillowcases. Sa ilalim kasi niyon ay mahigit dalawampung libro ang nakasalansan. Ang walo roon

ay hardbound pa.

“Hindi pa kompleto iyan. Forty more are stocked in a store room in my old flat in Manchester.”

He shrugged, still rummaging through the suitcase. “Okay lang, may bookshelf naman ako na hindi ginagamit, nasa kabilang guest room.”

Ilang sandaling tahimik lang silang nag-unpack. Ito ang tagalabas ng laman ng mga bagahe niya habang siya ang nag-aayos sa closet at malaking chest of drawers. Abala siya sa pag-aayos ng kanyang mga pambahay sa isang drawer nang muling magsalita si Quillan.

“Bakit hindi ka kasali dito sa picture?”

Ilang sandaling nanigas ang likod niya at tila hindi iyon maigalaw, bago niya nagawang humarap sa kausap at makitang hawak nito ang isang medium size picture frame.

Huminga siya nang malalim. “Nakuha ko lang iyan sa *Facebook* album ng isang hipag ko, na naka-public. Ipina-print ko lang. That was taken last year, at wala ako.” Nilapitan niya ang binata, at sinubukang kaswal na kunin dito ang hawak ngunit iniwas nito iyon.

It was a family picture. Her family's picture. Naroon ang kanyang mga magulang, ang ate at kuya niya pati na ang kani-kanilang asawa at mga anak. Nasa litrato rin ang mga alagang aso at pusa nila. Everyone was smiling, including the pets.

“Kailan mo sila huling nakita?” nangungunot ang noong tanong nito. “Sarah told me you're kind of estranged from them.”

Nakikiusap na tiningnan niya ito. “Quillan...”

“Marcie, they obviously still mean that much to you since you even brought this thing here.” Itinaas nito ang picture frame.

“Three years ago. Noong gabi bago ang flight ko.”

“Hindi ka man lang nila inihatid sa airport?”

Napabuntong-hininga siya. “Busy sila, eh. Pati 'yung driver ay busy din dahil isasama nila sa speaking engagements...”

“Walang naghatid sa 'yo sa airport?” ulit nito.

“Kaunti lang naman ang dala ko. Saka may bus na derecho ng Pasay galing sa amin, so...” Nagkibit-balikat siya. Pilit niyang ipinapagwalang-bahala ang nararamdaman pa ring sakit kahit tatlong taon na ang lumipas.

Her family simply, coldly, told her: “*Okay, bahala ka. Magtu-twenty-five ka na, kaya mo na sigurong mag-isa...*” when she informed them of her flight the next day. Ilang buwan nang alam ng mga ito ang plano niya. Ngunit gaya ng inaasahan, at simula nang suwayin niya ang kagustuhan ng mga ito kasabay ang pagtatapat ng kanyang preference ay tila wala nang pakialam sa kanya ang pamilya.

“When did you last hear from them?”

Napayuko si Marcie. Palagi siyang gumagawa ng paraan upang mapanatili ang komunikasyon sa pamilya. She would always try to call, ngunit parating hindi sinasagot. Nagpapadala siya ng message sa *Facebook*, o nag-te-text, ngunit ang palaging natatanggap lang niyang reply ay: “*Okay lang kami.*”

“Last New Year’s Day, kinumusta ko silang lahat isa-isa through *Facebook* at text. Iyong ate ko lang ang sumagot. Okay lang daw sila,” sabi niya. “Kinumusta ko din sila nitong nakalipas na election, lahat sila nanalo. Walang reply.” She swallowed. “Walang sumasagot sa tawag ko.” Her voice broke. *Shit.*

Dama niyang nakamasid lang si Quillan sa kanya.

“I’m sorry.” Nagtaas siya ng ulo upang tingnan ito, pero kasabay niyon ang pagpatak ng luha niya.

Napabuga siya ng hangin bago marahas iyong pinahid gamit ang likod ng kamay. “Sorry.” Nag-iwas siya ng tingin. Hinarap niyang muli ang pag-aayos ng gamit.

Pero nagsisikip na ang dibdib niya. Nanginginig na rin ang mga kamay niya habang inilalabas ang ilang pares ng sapatos. Huminga siya nang malalim, at aktong itutuloy sana muli ang ginagawa nang maramdaman niya ang marahang pagpaikot ng braso sa kanyang balikat.

She was gently pulled up, until she found herself crying on someone’s broad shoulder.

Para siyang kakapusin ng hininga. Kay tagal na rin simula noong huling umiyak siya nang ganito, sa harap ni Sarah. Pasko noon at ilang beses siyang sumubok tumawag sa bahay nila, pero ilang beses din siyang binabaan ng telepono. Minsan ay pabagsak pa.

“Hindi ko sasabihing magiging okay din ang lahat dahil hindi ko naman alam kung kailan magbabago ang isip ng pamilya mo at tatanggapin kung ano ka,” Quillan murmured against the top of her head. Marahang hinahaplos nito ang kanyang likod.

Hinahayaan lang niyang malaglag ang luha. Nababasa na niya ang t-shirt ni Quillan.

Sinubukan niyang kumawala sa pagkakayakap

nito, ngunit pinigilan lang siya ng lalaki. “Basa na ang t-shirt mo,” mahinang sabi niya nang mag-angat ng tingin.

Parang lalong nagsikip ang dibdib niya nang magtama ang kanilang mga paningin. He was just five inches taller at about six feet, and he previously had his mouth against the top of her head. Now his lips were just centimeters away from hers.

“I don’t see anything wrong. Hindi ko maintindihan kung bakit hindi matanggap ng pamilya mo kung ano ang pinili mong maging... You’re...” He swallowed. Tila may nagdaang kung ano sa mga mata nito. Parang pagkalito na may halong panic... o takot?

Then his gaze went down to her slightly parted mouth. Parang aatakehin na siya sa puso. Quillan almost looked as if he wanted to inch closer. Or was he really coming closer?

Hahalikan ba siya nito?

And did she seriously felt like closing her eyes then? Gusto niyang mag-iwas ng tingin, gusto niyang lumayo.

Pero gusto rin niyang hintayin, at malaman kung ano ang susunod nitong gawin.

Ang isang kamay nito ay nakaalalay sa kanyang likod habang ang isa ay nakahawak sa kanyang baywang.

She hadn't had anyone hold her so tenderly like that. It felt so good, so right that it made her forget why she had tears in her eyes in the first place.

And he was still looking at her, and her lips. "Quillan..." tawag niya, hindi alam kung ano ang sasabihin.

Tila iyon naman ang gumising dito. Parang nakawala sa isang trance at ngayon ay napapakurap na, litong nakamasid sa kanya. Marahang binitiwang siya nito.

"I... I'd just go get you some water," sabi nito bago parang bantulot pang naglakad palayo, palabas ng pinto.

Habang naiwan siyang tulala at hindi alam kung ano ang iisipin, ngunit sigurado sa nararamdaman.

She was now officially confused, and it was all because of that man who just left.